
SmileTrain
Changing the World One Smile at a Time

# Impormasyon para sa magulang para sa operasyon ng mga batang may bingot o butas ang ngala-ngala

**Ang anak ninyo ay ooperahan** para ayusin ang kanyang bingot o butas sa ngala-ngala. Ang ganitong operasyon ay wala sa kategoryang mapanganib na operasyon subalit may posibilidad na magkaroon ng komplikasyon. Dahil dito, mas mabuting paghandaan ito ng maayos.



**Importanteng sabihin ninyo sa sa inyong Smile Train Doctor** kung ang anak ninyo ay mayroong mga sumusunod: sipon, ubo, o mainit at pinagpapawisan na katawan. Itong mga sakit na ito ay maaring sanhi ng komplikasyon bago at pagkatapos ng operasyon.

**Siguraduhing ang anak ninyo ay WALANG KINAIN O WALANG ININOM anim (6) na oras bago ang operasyon (kahit tubig o gatas ng ina).**








**Ang pagpapakain o pagpapadede ng inyong anak bago ng kaniyang opersasyon** ay maaaring malagay sa panganib ang kaniyang buhay dahil mahihirapan siyang huminga, mabubulunan o susuka siya habang inooperahan.






**Pagkatapos ng operasyon, huwag mababahala kung ang anak ninyo** ay nakakaranas ng mas madalas na pag-antok, pag iyak, pag maga at pagdugo sa lugar na inoperahan. Ito ay karaniwang nangyayari pagkatapos ng operasyon.









**Pagkatapos operahan ang anak ninyo HUWAG SIYANG PAPAKAININ NG KAHIT ANO.** Bawal din ang tubig at gatas ng ina dahil maaaring ito ay pumasok sa loob ng baga ng inyong anak na magdudulot ng pag-ubo o baka mabulunan. Antayin ang payo ng doctor ninyo kung kailan maaaring pakainin o painumin ang inyong anak. **Habang nasa recovery room ang inyong anak, siguraduhing naka puwesto sa kanyang kanan o kaliwang tagiliran upang siya ay makahinga ng maayos. Siguraduhing hindi siya nakadapa o nakatihaya habang nagpapahinga pagkatapos ng operasyon.**


**Sabihan agad ang doktor o nars kapag ang anak ninyo ay nagpapakita** ng paghihirap sa paghinga, maraming dugo galing sa sugat ng operasyon, naiinitan o pinagpapawisan ng husto, sumusuka, o matinding paghilo. Sabihan agad ang doktor o nars pag naalis yung “IV tube” sa braso o pag naubos na ang tubig sa “IV bag”.




**Pag pinayagan nang lumabas sa ospital ang inyong anak, bibigyan kayo ng doktor o nars ng mahalagang paalala kung paano ang tamang pag-alaga sa inyong anak pag-uwi ninyo.** Kung may problema ang inyong anak dahil sa operasyon, agad ninyong dalhin sa ospital para mabigyan ng tamang pansin at pagsusuri.






Kayang makamit ang ligtas at matagumpay na operasyon sa tulong ng mga doktor, nars, at mga magulang. Kung may kilala kayong batang nangangailangan ng operasyon para sa bingot o butas sa ngala-ngala, i-refer sila agad sa Smile Train partner hospital.